## Mensahe

### Tunay na Kapayapaan, Hindi Katahimikan
### *Peace Not Silence*

Iba ang katahimikan sa kapayapaan. May katahimikan sa sementeryo. May katahimikan ng pangangayupapa, pagsasawalang kibo at kawalang pakialam. May katahimikan kapag gumigitna sa salungatan. Katahimikan ito, hindi kapayapaan.

Walang kapayapaan hangga't di nalulutas ang mga batayang tunggalian. Sa tunggalian ng mga magkakasalungat na pwersa, hindi kapayapaan ang paghahanap ng gitna. Sa tunggalian ng katotohanan at kasinungalingan, ang paggitna at pananahimik ay pagpanig sa kasinungalingan at pagtatakip sa katotohanan. Sa tunggalian ng mapagsamantala at pinagsasamantalahan, ang paggitna at pananahimik ay pagtanggap sa pagsasamantala at pagpapasidhi ng pang-aapi. Ang katahimikan sa ganitong kalagayan ay nagpapalakas sa mapagsamantala at nagdududulot ng kawalang katiyakan at ligalig sa taumbayan at sa lipunan.

Sa relasyong industriyal halimbawa, likas na magkasalungat ang interes ng paggawa at kapital. Likas ang tunggalian ng mga pwersang magkaiba ang interes na magkasalungat pa -- sahod sa manggagawa at tubo para sa kapitalista. Ang paglaki ng isa ay pagliit ng kabilang panig. Posible lamang ang pansamantalang paghupa ng tunggalian kapag nakakahanap ng makatarungang paghahati sa bunga ng produksyon. Ang depinisyon ng makatarungang paghahati ay nakabatay sa kongkretong kalagayan ng lipunan at sa partikular ng dinamiko ng mga pwersang nagtutunggali. Humuhupa pansamantala ang tunggalian kapag may tapat na collective bargaining agreement (CBA) ang manedsment at unyon ng mga manggagawa. Pero paano kung walang unyon o mas masahol pa, kung pinagkakait at sinusupil ang karapatang mag-organisa, mag-unyon at sama-samang makipagtawaran? Sa bawat pagsambulat ng krisis sa produksyon

at pamilihan, ibayong titindi ang tunggaliang ito ng kapital at paggawa. Hanggang sa mawakasan ang kapitalistang sistema ng pagsasamantala sa di-pantay na relasyon sa produksyon.

Ang kapayapaan ay hindi lamang nakabatay sa katarungan. Ang pangmatagalang kapayapaan ay nakabatay sa kawalan ng pagsasamantala ng tao sa kanyang kapwa at sa kanyang daigdig. Masusumpungan ang tunay at pangmatagalang kapayapaan sa pagwawaksi sa lahat ng porma ng pagsasamantala sa uri, sa ari, sa lahi, sa kultura at paniniwala, pagsasamantala sa lahat ng buhay at pinagmumulan ng buhay. Gayundin, kapag ang lahat ay sama-samang lumalahok sa produksyon at sama-samang nakikinabang sa bunga nito. Para sa mga anakpawis, patuloy ang paghahanap ng tunay na kapayapaan sa pagwawakas ng lahat ng anyo ng pagsasamantala. Ang kapayapaang nakabatay sa katarungan ang unang hakbang patungo rito.

Paksa ito ng mga inambag na artikulo sa edisyong ito ng Bisig. Naganap ang natatanging isyu na ito ng Bisig sa pagtutulungan ng maraming indibidwal at institusyon tulad ng Scholars for Peace (kalipunan ng mga akademiko at mananaliksik mula sa iba't ibang unibersidad na nagsusulong ng pangmatagalang kapayapaan sa bansa), ng PUP Research and Publication Office (RPO), ng PUP Center for Peace, Social Justice and Human Rights Studies (CPSJHRS) at ng Center for Labor and Industrial Relations Studies (CLIRS). Malaking karangalan para sa Bisig na kanilang mapisil upang paglunsaran ng mga pananaliksik at pang-akademikong mga pag-aaral sa kalagayan, mga hamon at tunguhin sa pagkakamit ng tunay na kapayapaan sa ating bansa at maging sa sangdaigdigan.

Pagpupugay at pasasalamat kay Dr. Michael Pante na ikinararangal ng Bisig na naging panauhing punong editor at nanguna sa pagsisikhay na mailabas ang ispesyal na isyu hinggil sa kapayapaan katuwang si Kawaksing Propesor Paulo Benedicto Villar. Tunay na makabuluhan at napapanahon ang isyung ito lalo pa't palasak na ginagamit ang "kapayapaan" ng mga

nasa kapangyarihan para maghasik ng lagim at takot sa mamamayan. Gayunman, tulad noon hanggang ngayon, hindi kailanman mananahimik at magsasawalang kibo ang Bisig ng mga anakpawis at ng nakararaming mamamayan.

**Kaw. Prop. Rimando E. Felicia**
**Punong Patnugot**